

Pahayag para sa Press

Naka-embargo hanggang 0830 Maynila (00:30 UTC) Ika-1 Hunyo 2022

S&P Global Philippines Manufacturing PMI®

Mas lumaki ang bilang ng mga manggagawa sa mga manufacturing firm sa unang pagkakataon mula noong Pebrero 2020

Mga pangunahing nalaman

Kapansin-pansin ang paglaki ng output at bilang mga bagong order pero naging mas mabagal ang paglaki nito kumpara sa noong Abril

Tumaas ang employment sa unang pagkakataon mula noong Pebrero 2020

Naging pinakamabilis ang paglaki ng post-production stocks simula noong Disyembre 2016

Ang sektor ng manufacturing ng Pilipinas ay nagpakita ng lalong pagganda sa mga kundisyon ng pagnenegosyo noong Mayo. Naging kapansin-pansin ang bilis ng paglaki ng output at bilang ng mga bagong order sa kabila ng pagbagal nito kumpara sa mga kamakailang high na naranasan sa nakaraang yugto ng survey. Gayunpaman, ang tuloy-tuloy na pag-unlad sa buong sektor ng manufacturing ay nagresulta sa unang paglaki ng bilang ng mga manggagawa simula noong Pebrero 2020. Dagdag pa rito, lumaki nang pinakamabilis ang mga post-production inventory simula noong Disyembre 2016 dahil sinubukan ng mga kumpanya na mag-stockpile dahil sa pag-asa ng lalo pang pagdami ng mga bagong order.

Pagdating naman sa presyuhan, patuloy na lumaki ang mga gastos sa input at mga singil sa output nang ilan sa pinakamabilis na rate na naitala. Bumagal ang bilis ng inflation nang dalawang buwang sunod-sunod magmula noong survey highs na naitala noong Marso, pero nanatili itong mataas kumpara sa nakaraan.

Bahagyang bumaba ang S&P Global Philippines Manufacturing PMI® mula 54.3 noong Abril patungong 54.1 noong Mayo. Ang pinakabagong reading ng headline index ay nagpakita ng dagdag pang expansion sa buong sektor ng manufacturing, at naging pangalawang pinakamabilis ito simula noong Nobyembre 2018. Bagama't natigil ito nang kaunti noong Enero, ang pinakabagong upturn ay ang ikawalo sa huling siyam na buwan.

Ang volume ng produksyon at pagtanggap ng mga bagong order ay lumaki nang husto. Bagama't ang mga rate ng expansion ay bumaba nang kaunti kumpara sa Abril, naging ikalawang pinakamabilis ito simula noong Nobyembre 2018. Sa kabilang banda, bumaba ang foreign demand para sa mga Filipino na produkto nang tatlong buwan sunod-sunod. Naging kapansin-pansin ang downturn at bumilis ito kumpara sa nakaraang yugto ng survey. Binigyang-daan ng anecdotal evidence na ang mga patuloy na paghihigpit na nauugnay sa pandemya sa China ay humantong sa mas mababang demand at mga delay sa shipment.

Ang patuloy na pagbangon mula sa COVID-19 at pagluluwag ng mga paghihigpit dahil sa pandemya sa Pilipinas ay nagresulta sa gumandang mga kundisyon ng domestic demand, ayon sa mga

Philippines Manufacturing PMI
sa, >50 = paglago simula noong nakaraang buwan



Mga Pinagmulan: S&P Global.
Ang data ng Mayo 2022 ay nakolekta noong 12-24 Mayo 2022.

Komento

Bilang komento sa data ng survey sa Philippines Manufacturing PMI, ipinahayag ni Maryam Baluch, na Ekonomista sa S&P Global Market Intelligence, na:

"Ang data ng pinakabagong survey ay nagpakita ng dagdag pang expansion sa buong sektor ng manufacturing ng Pilipinas. Nanatiling kapansin-pansin ang pag-unlad sa kabila ng mas mabagal na pagdami ng mga bagong order.

"Habang lumuluwag ang mga paghihigpit dahil sa pademya, ang mga kundisyon ng mataas na demand ay nagresulta sa pagdagdag ng hiring activity ng mga kumpanya sa unang pagkakataon simula noong unang bahagi ng 2020. Gayundin, patuloy na nag-ipon ang mga kumpanya ng stocks dahil sa pag-asa ng mas mataas na demand sa mga paparating na buwan.

"Dagdag pa rito, nanatiling optimistic nang husto ang business confidence, kung saan namamag-asa ang mga kumpanya sa mas malaking output sa paparating na 12 buwan. Gayunpaman, ang mga panganib sa sektor ay nasa anyo ng umiiral na inflationary pressures at pagkakaantala sa supply chain na lalo pang pinalala ng digmaan sa Ukraine at zero-COVID policy ng China."

PMI®

by S&P Global

© 2022 S&P Global


panelista. Samakatuwid, dinagdagan ng mga manufacturing firm ang kanilang purchasing ng mga pre-production input nang may mas mabilis na rate. Dagdag pa rito, nanatiling masigasig ang mga panelista sa pag-iipon ng stocks dahil umasa sila sa mas matataas na sales sa mga paparating na buwan. Bilang resulta, tumaas ang stock ng raw materials at semi-finished items nang ikasiyam na buwang sunod-sunod. Gayundin, lumaki ang post-production inventories nang pinakamabilis mula noong Disyembre 2016.

Ang mga manufacturing backlog ng trabaho sa Pilipinas ay patuloy na naging mababa noong Mayo. Ang pagbaba ng work-in-hand ay naging kapansin-pansin sa pangkalahatan, at ayon sa mga kumpanya ay dahil ito sa sapat na kapasidad para maproseso ang papasok na bagong sales.

Ang pagbangon ng demand at mas malalaking requirement sa produksyon ay nagresulta sa paglaki ng bilang ng mga manggagawa noong Mayo. Lumaki ang bilang ng mga manggagawa sa unang pagkakataon simula noong Pebrero 2020, at naging katamtaman ang bilis nito. Ang paglikha ng trabaho noong Mayo ay kasunod ng hindi nagbagong bilang ng mga kawani na naitala noong Abril.

Gayundin, bagama't ang mga rate ng inflation ay bumagal, ang average na mga cost burden at singil sa output ay tumaas nang kapansin-pansin noong Mayo. Nagpakita rin ang data ng Mayo ng dagdag na pagbabago ng vendor performance, dahil humaba pa lalo ang lead times kumpara sa noong Abril na nakapagpalaki pa lalo sa mga gastos.

Panghuli, ang pandaigdigang pag-aalinlangan na dulot ng digmaan sa pagitan ng Russia at Ukraine at mahihigpit na COVID-19 lockdown sa China, ay patuloy na nakaapekto sa inaasahang output sa mga manufacturing firm sa Pilipinas. Bilang resulta, bumaba ang business confidence noong Mayo. Gayunpaman, nanatiling maasahin ang mga kumpanya dahil sa pag-asa ng lalo pang paglaki ng produksyon at mas malaking client demand sa paparating na 12 buwan.



Sources: S&P Global, Philippines Federal Reserve.

Makipag-ugnayan

Maryam Baluch
 Ekonomista
 S&P Global Market Intelligence
 T: +44-13-4432-7213
maryam.baluch@spglobal.com

Joanna Vickers
 Corporate Communications
 IHS Markit
 T: +44207-260-2234
joanna.vickers@spglobal.com

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa S&P Global, mangyaring mag-email sa katherine.smith@spglobal.com. Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click [dito](#).

Pamamaraan

Ang S&P Global Philippines Manufacturing PMI® ay kinakalap ng S&P Global mula sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa isang panel ng mahigit 400 manufacturer. Ang panel ay pinagpangkat-pangkat batay sa detalyadong sector at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamatin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng sumusunod na limang index: mga bagong order (30%), output (25%), employment (20%), mga oras ng paghahatid ng mga supplier (15%) at mga stock ng pagbili (10%). Para sa pagkalkula ng PMI, ini-invert ang index ng mga oras ng paghahatid ng mga supplier nang sa gayon ay gumagalaw ito patungo sa isang katulad na direksyon kumpara sa ibang mga index.

Hindi nirerebisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasayaos.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa economists@ihsmarkit.com.

Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, S&P Global. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa S&P Global. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang S&P Global para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anumang sitwasyon, hindi mananatag ang S&P Global para sa anumang mga pinsalang espesyal, incidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited.

Ang Content na ito ay pina-publish ng S&P Global Market Intelligence at hindi ng S&P Global Ratings, na isang dibisyon ng S&P Global na hiwalay na mina-manage. Ang reproduksyon ng anumang impormasyon, data o materyales, kasama ang mga rating ("Content") sa anumang anyo ay ipinagbabawal maliban kung may paunang nakasulat na pahintulot ng nauugnay na panig. Ang naturang panig, at mga kaanib at supplier nito (mga "Content Provider") ay hindi naggarantiya sa katumpakan, pagiging sapat, pagiging kumpleto, pagiging napapanahon o pagiging available ng anumang Content at hindi responsable ang mga ito para sa anumang mga pagkakamali o pagbubukod (pabaya man o hindi), anuman ang dahilan, o para sa mga resultang nakukuha mula sa paggamit ng naturang Content. Hindi mananatag ang mga Content Provider para sa anumang danyos, gastusin, bayad sa abogado, o pagkalugi (kasama ang mga gastos dahil sa nawalang kita at oportunidad) na kaugnay ng paggamit ng naturang Content.